West Coast LEAF

Legal Services Society
British Columbia
www.legalaid.bc.ca



# MGA KASUNDUAN SA PAGHIHIWALAY
*Ang Iyong Karapatan sa Katarungan*

## SEPARATION AGREEMENTS
*Your Right to Fairness*

TAGALOG

August 2013

# Mga Pagkilala

Ang 2013 na edisyon ng *Mga Kasunduan sa Paghihiwalay: Ang Iyong Karapatan sa Katarungan* ay isang magkasanib na publikasyon ng Ligal na Edukasyon at Pondo sa Pagkilos sa Kanlurang Baybayin (West Coast Legal Education and Action Fund, West Coast LEAF) at ng Lipunan ng Ligal na Serbisyo (Legal Services Society, LSS).

Ang **West Coast LEAF** ay isang inkorporadang samahang *non-profit* ng British Columbia (BC) at *federal* na rehistradong samahang pangkawanggawa. Ito ay pinamumunuan ng lupon ng mga direktor na inihalal at suportado ng mga aktibong miyembro, mga komited na mga boluntaryo, at pursigidong mga tauhan.

Ang **Samahan ng Ligal na Serbisyo** ay isang nagsasariling organisasyon na nagbibigay ng ligal na tulong sa mga taga-British Columbia. Pangunahing pinopondohan ito ng pamahalaang panlalawigan, at ng mga kaloob mula sa Batas Pundasyon (Law Foundation) at Pundasyong Notaryo (Notary Foundation).

Kinikilala ng West Coast LEAF ang tulong mula sa LSS upang makabuo, makapaglimbag at makapagpamahagi ng buklet na ito sa payak at tradisyunal na wikang Tsino, Ingles, Punjabi, Espanyol, at Tagalog.

Kinikilala rin ng West Coast LEAF ang pinansyal na suporta ng Estado ng Kababaihan Canada (Status of Women Canada) upang mailabas ang buklet na ito.

Pinasasalamatan ng West Coast LEAF at LSS ang mga abogado at ang mga tagasulong na nagbigay ng kanilang mga pahayag sa mga banghay ng publikasyon na ito.

**Pinaliliwanag ng buklet na ito ang batas sa pangkalahatan. Hindi nito layon na bigyan ka ng ligal na payo sa iyong partikular na problema. Dahil ang kaso ng bawa't isa ay naiiba, maaaring kailanganin na kumuha ka ng ligal na tulong. Ang impormasyon sa buklet na ito ay napapanahon hanggang Agosto 2013.**

ISSN 2292-9134 (Print)
ISSN 2292-9142 (Online)

© Kanlurang Baybaying Legal na Edukasyon at Kilos Pondo (West Coast Legal Education and Action Fund, West Coast LEAF), British Columbia
Unang edisyon 2012
Ikalawang edisyon 2013

Manunulat at legal na manunuri: *Laura Track*
Patnugot: *Carol Herter*
Ayos at disenyo: *Sonja Mulabdic*
Tagasalin: *Mary Rose B. Claudio*

# Mga Nilalaman

PARA KANINO ANG BUKLET NA ITO ....................................................................4

PAGSASANTABI NG KASUNDUAN SA PAGHIHIWALAY ...........................................6

PAGHAHATI NG ARI-ARIAN AT UTANG NANG WALANG KINIKILINGAN.....................7

PAGSASAGAWA NG MAKATARUNGANG KASUNDUAN ........................................8

MGA PINANSYAL NA DOKUMENTO ...................................................................8

PAGHAHANDA NG IYONG PINANSYAL NA PAHAYAG ...........................................10

PANGANGASIWA SA IYONG KASO AT PAKIKIPAGTULUNGAN SA ABOGADO ......12

MGA MAPAGKUKUNAN NG IMPORMASYON: SAAN MAKAKAKUHA NG LIBRENG LIGAL NA TULONG .......................................................................14

WEST COAST
LEAF

*Ang misyon ng Ligal na Edukasyon at Pondong PagKilos sa Kanlurang Baybayin (West Coast Legal Education and Action Fund, West Coast LEAF) ay upang makamit ang pagkakapantay-pantay sa pamamagitan ng pagbabago ng makasaysayan at sistemikong diskriminasyon laban sa kababaihan sa pamamagitan ng paglilitis sa karapatang pagkakapantay-pantay, reporma sa batas, at pampublikong ligal na edukasyon sa BC.*

*Ang Batas Pampamilya ay nakaka-apekto sa pagkakapantay-pantay ng kababaihan sa maraming paraan. Ang kababaihan ay mas malamang na makaranas ng karahasan at pang-aabuso sa mga relasyon. Matapos ang pagkakasira ng isang relasyon, ang kababaihan ay kadalasang walang sapat na kita upang suportahan ang kanilang sarili.*


*Ang West Coast LEAF ay kumikilos bilang isang tagapamagitan, o interesadong ikatlong partido, sa mga kaso na makaka-apekto sa pagkakapantay-pantay ng kababaihan sa ilalim ng batas. Noong 2009, namagitan kami sa isang kaso na tinatawag na Rick v. Brandsema, na mahalaga para sa karapatan ng kababaihan sa katarungan kapag nagsasagawa ng mga kasunduan sa paghihiwalay.*

*Layunin ng buklet na ito na ibahagi ang mahalagang ligal na mga prinsipyo mula sa kasong ito pati na ang mga sumunod na mga ligal na debelopment. Aming layunin ang mapabuti ang pagkamit ng hustisya para sa kababaihan sa mga kasong batas pampamilya sa pamamagitan ng pagtulong sa kababaihan na maunawaan ang kanilang ligal na mga karapatan at mga opsyon.*

Ang *website* ng **Batas Pampamilya ng Lipunan ng Legal na Serbisyo sa BC** (Legal Services Society Family Law in BC) ay nagbibigay ng komprehensibong batas pampamilya sa iba't ibang mga anyo, kabilang ang mga tulong-sa-sariling gabay, mga buklet at polyeto, mga *form* ng korte, depinisyon, *fact sheets*, mga *link* sa mga mapagkukunan ng impormasyon, at marami pang iba. Tingnan ang www.familylaw.lss.bc.ca para sa lahat ng inyong mga kailangang impormasyon ukol sa batas pampamilya.

Sa *website* na ito, maari mong basahin ang tungkol sa batas pampamilya; alamin kung saan maaaring kumuha ng taong makakatulong; gamitin ang *online* na *step-by-step* na gabay sa pagkuha ng diborsiyo, kumuha o palitan ang utos ng korte, o gumawa ng kasunduan sa paghihiwalay; makahanap ng mga *link* sa kasalukuyang lehislasyon ng batas pampamilya at tuntunin ng korte; o gamitin ang tampok na *Live Help* para makipag-chat ng *live* sa isang estudyante ng batas (law student) na makakatulong sa hinahanap mo.

Matatagpuan mo rin ang mga *link* sa mga *form* sa diborsiyo ng batas pampamilya ng Korte Suprema (Supreme Court divorce forms) at punan ang mga ito sa *online*, sa *Word* o *PDF*. Ang mga *form* sa *Word* ay may mga instruksyon na madaling sundin.Tingnan ang www.familylaw.lss.bc.ca/resources/court_forms.php.



Ang **kasunduan** (agreement) sa paghihiwalay ay isang nakasulat na kontrata na pinagkasunduan (work out) mo at ng iyong asawa nang matapos ang inyong relasyon. Ang kasunduan ay maaaring maglaman ng anumang isyu na nais mo, kasama ang mga ari-arian at hatian sa utang, pag-aalaga ng mga anak, suporta sa anak, at suporta sa asawa. Maaari kang magsampa ng kasunduan sa korte, at maaari itong ipatupad ng korte na parang kautusan ng korte. Walang opisyal na *form* na kailangang mong gamitin upang makapagsulat ng isang kasunduan sa paghihiwalay.

## *Para kanino ang buklet na ito*

### Who this booklet is for

*Para sa usapin ng hatian ng ari-arian, ang* ***asawa*** *(spouse) ay isang taong kasal sa isa pang tao, o nakisama sa isang tao na parang mag-asawang kinasal sa isa't isa na hindi bababa sa dalawang taon (madalas na tawagin na "common-law relationship," bagama't hindi mo matatagpuan ang salitang ito sa Batas sa Diborsyo [Divorce Act] o sa Batas Pampamilya [Family Law Act]). Ang asawa ay nangangahulugan rin na isang dating asawa (kasal na asawa na diniborsyo at di-kasal na asawa na nagkahiwalay).*

Ang buklet na ito ay maaaring para sa iyo kung hiwalay ka sa iyong asawa, ikaw at ang iyong asawa ay pumirma sa isang kasunduan upang hatiin ang inyong mga ari-arian at/o mga utang, at gusto mong **isantabi** (cancel) ng korte o palitan nito ang inyong kasunduan dahil sa:

- naniniwala kang hindi **inihayag** (share) ng iyong asawa ang impormasyon tungkol sa lahat ng **mga pag-aari** (anumang bagay na nagkakahalaga ng pera na nasa pagmamay-ari ng isang tao) noong negosasyon sa kasunduan, o masyadong mababa ang itinakdang halaga ng iyong asawa sa mga inihayag na mga pag-aari; at
- nagkaroon ng makabuluhang na **di-pagkapantay na kapangyarihan** (kapag ang isang tao ay may higit na impluwensiya o kontrol kaysa sa isa, power imbalance) sa pagitan ninyong mag-asawa ng panahon ng negosasyon sa kasunduan, at sinamantala ito ng iyong asawa. Maaaring mangyari ito kahit na ikaw ay may abogadong kumakatawan sa iyo sa panahon ng negosasyon. Ang mga halimbawa ng di-pagkapantay na kapangyarihan ay kung mas higit ang nagging kaalaman ng iyong asawa o kinontrol niya ang pinansya ng inyong pamilya, pinagsamantalahan ang iyong mga kahinaan (halimbawa, sa isyu ng pangkaisipang kalusugan o sagabal sa wika (language barrier), o kung may naging pang-aabuso sa inyong relasyon.

Ang buklet na ito ay makakatulong din kung nais mong malaman ang:

- Batas tungkol sa paghahati ng ari-arian ng pamilya o utang
- Paghahanda ng pinansyal na pahayag (financial statement) para sa korte
- Makakatulong sa iyo at saan makakakuha ng karagdagang ligal na impormasyon

Ang buklet na ito ay hindi makatutulong sa iyo na:

- Magsulat ng isang kasunduan sa paghihiwalay.
- Isantabi o palitan ang iyong kasunduan sa paghihiwalay sa dahilang hindi ka na sang-ayon sa naging hatian ng inyong mga ari-arian o mga utang.
- Talakayin ang mga kasunduan sa pagitan mo at ng isang tao na hindi mo asawa.
- Makuha mo ang kinita ng iyong asawa na tinamo sa pamamagitan ng krimen.
- Makuha mo ang mga ari-arian ng iyong asawa na kabahagi ng kaniyang mga magulang, lalo na kung ang mga ari-arian ay nasa pangalan ng magulang o nasa labas ng Canada.
- Humiling na itaas o ibaba ang mga bayad suporta sa mga anak, o baguhin ang kaayusan ukol sa pagiging magulang.

*Sa ilalim ng Batas Pampamilya ng BC (BC Family Law Act), pantay ang karapatan sa ari-arian ng mag-asawang hindi kasal at mag-asawang kasal.*

Ang paghingi sa hukuman na isantabi ang isang kasunduan sa paghihiwalay ay maaaring maging mahirap sa usapin ng batas at emosyon. Maaaring harapin mo ang mga nakababahalang mga tanong at mga pahayag mula sa iyong asawa o sa kaniyang abogado. Halimbawa, maaari nilang sabihin sa korte ang tungkol sa abusong naranasan mo sa relasyon, o pagdudahan ang iyong kasanayan sa pagiging magulang. Ang isang tagataguyod (isang tao na maaaring magbigay sa iyo ng ligal na tulong at suporta ngunit hindi ito isang abogado at hindi maaaring kumatawan sa iyo sa korte) o iba pang mga manggagawang sumusuporta sa komunidad (community support workers) ay makakatulong sa iyo bago magsimula at habang tumatakbo ang ligal na proseso. Tingnan ang pahina 15 para sa impormasyon kung saan makakahanap ng isang tagataguyod.

# *Pagsasantabi ng kasunduan sa paghihiwalay*

## Setting aside a separation agreement

*Maaari maging mahirap na patunayan na ang iyong asawa ay nagtago o nagsinungaling tungkol sa halaga ng mga ari-arian, lalo na kung ang mga ari-arian ay matatagpuan sa labas ng BC, o kung ito ay resulta ng krimen. Kakailanganin mo ang mga pinansyal na pahayag (financial statement), mga testigo, at iba pang impormasyon upang magamit bilang ebidensiya sa korte. Tingnan ang pahina 14 para sa impormasyon kung saan maaaring makakuha ng ligal na tulong.*



Noong 2009, ang Korte Suprema ng Canada (Supreme Court of Canada) ay nagpasya sa isang kaso na tinawag na Rick v. Brandsema, 2009 SCC 10. Nagnegosasyon sina Bb. Rick at G. Brandsema ng kasunduan sa paghihiwalay matapos ng 29 na taong pagsasama. Si Bb. Rick ay nagkaroon ng isyu sa kalusugang pangkaisipan noong panahong ito. Inihayag rin niya na siya ay isang biktima na nakaligtas sa karahasan sa pamilya (survivor of family violence).

Makaraan ang ilang taon, natuklasan ni Bb. Rick na hindi inihayag ni G. Brandsema ang mahahalagang pinansyal na impormasyon noong panahon ng mga negosasyon. Hiningi niya sa hukuman na isantabi ang kasunduan sa paghihiwalay na kanyang nilagdaan dahil sa tingin niya ito ay hindi makatarungan.

Sa Korte Suprema ng Canada (Supreme Court of Canada, SCC), sumang-ayon ang mga hukom na dapat isantabi ang kasunduan. Sinabi ng korte na bagama't ang mga hukom ay hindi manghihimasok sa mga kasunduan ng mga **partido** (ang mga kalahok sa isang kaso sa korte, kontrata o ibang legal na isyu) na malayang nilang **pinasok** (make), sa ilang mga pangyayari, **mamamagitan** (step in) ang mga hukom para masiguro ang katarungan.

Ang SCC ay nagtakda ng tatlong mahalagang puntos bilang gabay sa mga hukom kapag sila ay hiniling na isantabi ang isang kasunduan sa paghihiwalay:

1. Nagkaroon ba ng pagkukulang sa paghahayag? Ang asawa mo ba ay nagtago, nagsinungaling, binabaan ang halaga, o naglipat ng mga ari-arian sa panahon ng inyong mga negosasyon?
2. Sinamantala ba ng iyong asawa ang iyong pangkaisipang kalusugan o iba pang kondisyon ng kahinaan, o meron bang naging paraan ang iyong asawa upang malaman ang lahat ng impormasyon sa pananalapi ng pamilya, habang ikaw ay kakaunti o wala?
3. Natugunan ba ng kasunduan ang mga tunguhin ng batas pampamilya ng BC (BC family law)? Ang kasunduan ba sa pagitan mo at ng iyong asawa ay makatarungan at pantay at sinisiguro ba nito na pareho ninyong pinansyal na masusuportahan ang inyong mga sarili?

Maaari ring ipagsantabi ng hukom ang inyong kasunduan sa paghihiwalay kung iyong maipapakita na hindi mo naunawaan kung paano ang epekto nito sa iyo, o kung ang kasunduan ay "lubhang hindi makatarungan" (tingnan ang ss. 93 (3) at 93 (5) ng Batas Pampamilya ng BC [BC Family Law Act]).



Dapat ibigay mo at ng iyong asawa sa isa't-isa ang "ganap at tunay" na impormasyon upang malutas ang inyong legal na problema. Ang makatarungan at matibay na mga kasunduan ay nakabatay sa ganap at tapat na paghahayag ng impormasyon (sharing of information).

## *Paghahati ng ari-arian at utang nang walang kinikilingan*

### Dividing property and debt fairly

Ang mga asawa na nagkahiwalay ay maaaring sumang-ayon na hatiin ang ari-arian at utang ng pamilya sa maraming paraan. Ang kaunting kaalaman sa batas ay maaaring makatulong sa iyo na magpasya kung ang iyong kasunduan sa paghihiwalay ay makatarungan o hindi, at kung nais mong hilingin na isantabi ito ng isang hukom. Ang mga patakarang ito ay para sa mga mag-asawang kasal at mga mag-asawang *common-law* na nagkasama ng hindi bababa sa dalawang taon.

- Sa ilalim ng Batas Pampamilya ng BC (BC's Family Law Act), ang mga asawa na magkahiwalay ay may karapatan sa 50 porsyento ng **ari-ariang pampamilya** (family property) na nakuha ng isa or ng mag-asawa sa panahon ng kanilang relasyon. Kasama sa ari-ariang pampamilya ay mga bagay tulad ng bahay, mga bank account, RRSP, pensyon, at mga interes mula sa negosyo. Hindi mahalaga kung sino ang nagbayad sa mga ari-arian o kung kanino nakapangalan ang mga ito.

- Ang ari-arian na nasa pagmamay-ari ng isang asawa bago ang relasyon, na tinatawag na **bukod na ari-arian** (excluded property), ay hindi kailangang ibahagi kapag ang mag-asawa ay naghiwalay. Kasama rito ang mga regalo, mana, at ilang mga bayarin sa seguro (insurance) o mga bayad pinsala (damages payments).

- Ang mag-asawa ay may responsibilidad na pantay na panagutan ang mga utang na kanilang pinasok sa panahon ng relasyon. Hindi mahalaga kung sino ang umutang o kung kanino ito nakapangalan. Gayunpaman, ang mga pinagkakautangan ay maaari lamang maningil ng pambayad mula sa asawa na nakapangalan sa utang.

Ang mga ligal na patakaran na ito ay mga panimulang punto lamang. Ang hukom ay hindi magsasantabi ng inyong kasunduan sa paghihiwalay dahil lamang sa hindi nito sinunod ang mga patakarang ito. Ang hukom ay maaaring magpasya na hindi magiging makatarungan sa malaking banda na sundin ang mga patakarang ito at maaring mag-utos ng ibang paraan para hatiin ang ari-ariang pampamilya o utang. Halimbawa, maaaring hindi makatarungan sa malaking banda na maging patas ang pag-ako sa utang na kinuha ng iyong asawa upang bayaran ang mga bagay na ibinili niya para sa kanyang sarili.

## *Pagsasagawa ng makatarungang kasunduan*

### Making a fair agreement

Ang pinakamahusay na paraan upang maiwasan ang oras, gastos, at ang tindi ng pag-aalala ng pagpunta sa korte para hingin na isantabi ang inyong kasunduan sa paghihiwalay ay ang pagsasagawa ng isang makatarungan na kasunduan sa simula pa lamang ng pakikipagnegosasyon. Maaaring ikaw ay mahirapan kung walang paraan para makuha mo ang pinansyal na impormasyon ng pamilya, o kung may pang-aabuso o hindi pantay na kapangyarihan sa inyong relasyon. Ang isang abogado o tagataguyod ay maaaring makatulong para makuha mo ang impormasyon na iyong kakailanganin. Tingnan ang pahina 14 para sa listahan ng mga libreng ligal na mapagkukunan ng tulong.

Kailangang malaman mo at ng iyong asawa ang lahat tungkol sa pinansyang pampamilya. Sinasabi ng batas na ang mag-asawa ay kailangang ibigay sa isa't isa ang "buo at totoong" impormasyon para makagawa ng isang makatarungan na kasunduan.

Huwag hayaang matulak na sapilitang pumirma sa isang kasunduan sa paghihiwalay. Isang magandang ideya na ipasuri sa isang abogado ang borador ng kasunduan bago mo ito pirmahan, lalo na at ikaw ay nag-aalala na hindi ito makatarungan.

Kung ikaw ay dudulog sa korte upang lutasin ang inyong mga isyu tungkol sa batas pampamilya, ikaw at ang iyong asawa ay nangangailangang ibukas ang mga kinakailangang dokumento at pinansyal na impormasyon. Maaaring magkaroon ng mga **eksaminasyon para sa pagtuklas** (examinations for discovery) sa mga paglilitis sa korte, at kinakailangang manumpa at sagutin mo at ng iyong asawa ang mga katanungan. Maaari kang magtanong tungkol sa mga pinansyal na pahayag ng iyong asawa at alamin kung may mga tinatagong mga ari-arian o mga pinagkukuhanan ng kita.



## *Mga pinansyal na dokumento*

### Financial documents

Ito ang mga dokumento na makakatulong sa iyo na makakuha ng tumpak na larawan ng pinansiya ng inyong pamilya. *Huwag kailanmang ilagay sa panganib ang iyong sarili para lamang makuha ang mga dokumentong ito.* Ang *centre* para sa kababaihan o bahay transisyon (transition house) ay maaaring magmungkahi ng mga ligtas na paraan para hanapin at itabi ang mga dokumentong ito.

- Mga kopya ng pinakahuling pahayag sa bangko (bank statement).
- Mga kopya ng pinakahuling pahayag sa *credit card* (credit card statement).
- Mga kopya ng anumang mga pahayag para sa RRSP, RESP o mga *investment* na meron ka o ng iyong asawa.
- Mga kopya ng patunay na pagbayad ng buwis (tax return) ng pinakahuling tatlong taon. Humingi ng kopya ng mga ito sa pagtawag sa Ahensya ng Canada Rentas Internas (Canada Revenue Agency): 1-800-959-8281.
- Tantiyang halaga (assessment) ng inyong bahay o anumang pag-aari mo at ng iyong asawa.
- Mga pahayag ng iyong kita (statement of earnings) kung ikaw at/o ang iyong asawa ay nagtatrabaho: kung ang sahod ng iyong asawa ay pana-panahong nagbabago, isang magandang ideya na magkaroon ng kopya ng mga pahayag mula sa mga panahong mataas at mababa ang sahod upang makakuha ng tamang larawan ng taunang kita.

Kung ang iyong asawa ang may kontrol sa pinansiya ng pamilya, marahil na wala kang paraan na makuha ang lahat ng mga dokumentong ito. Hindi mo ito kasalanan. Gawin mo ang mga sumusunod kahit na hindi mo makuha ang mga pinansyal na dokumento:

- Gumawa ng listahan ng anumang pag-aari mo o ng iyong asawa sa panahon ng inyong relasyon. Kung mas maraming impormasyon kang maisasama, mas mahusay. Halimbawa, kunin ang mga *serial number* ng inyong mga sasakyan, kung kakayanin.
- Isulat ang mga pangalan ng mga bangko, *investment companies*, o iba pang institusyon na sa tingin mo ay may koneksyon sa negosyo sa iyong asawa. Kung hindi mo alam ang mga pangalan nito, ilarawan ang anumang mga tatak (logo) na makikita sa mga sulat pangnegosyo na dumarating sa koreo.
- Gumawa ng isang listahan ng mga pangalan ng pinagtratrabahuhan ng iyong asawa at anumang pinagmumulan ng kita.
- Gumawa ng listahan ng mga ari-arian o mga pinagkukunan ng kita na pinaniniwalaan mong mayroon ang iyong asawa ngunit hindi mo kayang patunayan. Halimbawa, naniniwala kang ang iyong asawa ay nakakatanggap ng pera pero hindi niya ito sinasabi o naniniwala kang mayroon siyang ari-arian sa ibang lalawigan o bansa. Kung mayroon kang ganitong listahan, ipaalam ito sa iyong abogado. Posibleng umarkila ng isang imbestigador upang makakuha ng mas maraming impormasyon.



Sinasabi ng Batas Pampamilya ng BC (BC Family Law Act) na ang hindi makatwirang paghihigpit sa awtonomiyang pinansyal o personal ng asawa (kasarinlan o kalayaan) ay **karahasan sa pamilya** (family violence). Lahat ng **propesyonal na nagreresolba ng di pagkakaunawaan sa pamilya** (family dispute resolution professionals), kabilang na rito ang mga abogado, tagamapagitan (mediator), at mga tagapayo sa katarungang pampamilya (family justice counsellors), ay kailangang tantyahin kung ang kanilang kliyente ay nakaranas ng karahasan sa pamilya upang makita kung paano ito nakaka-apekto sa ligtas at makatarungang negosasyon. Kailan man ay hindi mo dapat maramdaman na pinipilit kang makipagnegosasyon sa isang abusadong asawa.

## *Paghahanda ng iyong pinansyal na pahayag*

### Preparing your financial statement

Sa isang pinansyal na pahayag, inililista ng bawat asawa ang kaniyang kita, mga ari-arian, gastos, at mga utang. Makakatulong ito sa pag-unawa sa pinansyal na sitwasyon ng bawat isa bago magsimula ang mga negosasyon.

Kung nagpaplano kang hilingin sa korte na isantabi ang iyong kasunduan sa paghihiwalay, kailangan mong punan ang isang pinansyal na pahayag sa isang tiyak na anyo na tinatawag na Form F8 na nasa Apendiks A ng Pampamilyang Tuntunin ng Korte Suprema (Supreme Court Family Rules). Ang *form* na ito ay may anim na bahagi, ngunit kailangan mo lamang punan ang mga bahagi na nalalapat sa iyong sitwasyon. Maaari mong makuha ang *online* na form sa sa www.ag.gov.bc.ca/courts/forms/sup_family/F8.pdf.

Ang paghahanda ng isang pinansyal na pahayag ay maaaring tila nakakalula. Maraming impormasyon ang hinihingi ng form. Huwag magmadali sa pagsagot sa form. Maging tapat sa iyong mga gastos pambahay at huwag tawaran ang kailangan mong gastusin para sa mga pamilihan, mga gamit sa eskwela ng mga bata, pag-aalaga ng mga bata, at iba pang gastusin. Kung mababa ang iyong kita o umaasa ka sa tulong mula sa pamahalaan (social assistance), maaaring hindi mo kayang bayaran ang pagkain, pananamit, pag-aalaga ng mga bata, at iba pang mga pangangailangan ng mga anak mo sa kasalukuyan. Sa iyong pinansyal na pahayag, ilista ang maari mong gastusin sa mga bagay na ito kung nagkataon na mayroon kang sapat na pera.

Gumawa ng tala ng anumang katanungan o mga bagay na hindi mo naiintindihan. Tingnan ang pahina 14 – 15 para sa impormasyon kung saan makakahanap ng ligal na mga propesyonal na maaaring sumagot sa iyong mga katanungan.

Kailangan mong ilakip ang mga kopya ng mga sumusunod na dokumento sa iyong pinansyal na pahayag:

- Mga patunay na pagbayad ng buwis (tax return) ng nakaraang tatlong taon, kasama ang mga Abiso ng Pagtatasa o Ikalawang Pagtatasa (Notices of Assessment or Reassessment)
- Kung ikaw ay nagtatrabaho, ang iyong pinakahuling pahayag ng kita (statement of earnings), na ipinakikita ang kabuuang kitang ibinayad sa iyo sa kasalukuyang taong ito
- Kung wala kang trabaho at tumatanggap ka ng mga benepisyo mula sa gobyerno, ang iyong tatlong pinakahuling pahayag ng benepisyo sa *Employment Insurance* (EI), benepisyo bilang manggagawa (workers compensation benefits), o isang pahayag na nagpapakita ng halaga ng tulong (welfare) na tinatatanggap mo
- Kung ikaw ay nagmamay-ari ng bahay or ano pa mang ari-arian, ang pinakahuling abiso ng pagtatasa mula sa awtoridad ng pagtatasa (assessment authority) para sa ari-arian
- Kung ikaw ay may sariling negosyo o may kontrol sa isang korporasyon,ang mga pinansyal na pahayag ng negosyo sa nakaraang tatlong taon at isang pahayag na detalyeng nagpapakita ng lahat ng sahod, mga bayarin sa pangangasiwa, o iba pang mga bayad na iyong ibinigay sa sinumang malapit sa iyo (ibig sabihin, silang abot-kamay sa iyo), tulad ng miyembro ng pamilya o ang isang tao na iyong "dine-*date*" (dating)
- Kung ikaw ay may kasosyo sa negosyo, isang pahayag na nagpapakita ng anumang kita mula sa kapital sa kasosyong negosyo o anumang kita na galing rito ng pinakahuling tatlong taon
- Kung ikaw ay tumatanggap ng benepisyo sa ilalim ng panaligang pondo (trust) (kapag ang ibang tao ang humahawak ng ari-arian para sa iyong pakinabang), isang kopya ng kasunduan sa panaligang pondo (trust settlement) at ang pinansyal na pahayag ng pinakahuling tatlong taon

Pagkatapos mong ihanda ang iyong pinansyal na pahayag, kailangan mong dalhin ito sa isang **komisyonado ng panunumpa** (commissioner of oaths: sang abogado, notaryo publiko, ahente ng gobyerno o klerk sa patalaan ng korte) at **sumumpa** (take an oath) o **magpatibay** (formally declare) na ito ay kumpleto at tama. Maaari kang hamunin sa korte kung ang iyong pinansyal na pahayag ay hindi maintindihan, naglalaman ng impormasyong di totoo o pagpapalabis sa katotohanan, o hindi isinama ang mahalagang impormasyon.

Kung ang pinansyal na pahayag ng iyong asawa ay hindi kasama ang lahat ng mga kinakailangang impormasyon, maaari kang **humingi ng mga detalye** (demand particulars), ibig sabihin, maari kang humingi ng karagdagang detalye. Kung ang iyong asawa ay hindi makapagbigay ng impormasyon, ang korte ay maaaring mag-utos sa iyong asawa na ilabas ito o gumawa ng panibagong pinansyal na pahayag.



# *Pangangasiwa sa iyong kaso at pakikipagtulungan sa abogado*

## Managing your case and working with a lawyer

Ang paghiling sa korte na isantabi ang kasunduan sa paghihiwalay ay maaaring maging isang paghamon. Maaari kumuha ng tulong para gawin ito. Tingnan ang pahina 14 – 15 para sa impormasyon sa libreng ligal na tulong.

Sa pangkalahatan, ang ligal na tulong sa anyo ng **representasyon** (isang abogado o pagsangguni sa isang abogado upang kumatawan sa iyo sa korte) ay hindi magagamit upang tulungan ka sa iyong aplikasyon na isantabi ang iyong kasunduan sa paghihiwalay kung ang tanging isyu mo ay ang makatarungang hatian ng ari-arian. Ang bukod-tanging sakop para sa isang abogado ng pang-ligal na tulong (legal aid lawyer) ay maaari mangyari sa mga di-pangkaraniwang sitwasyon; halimbawa, kung may pang-aabuso sa iyong sitwasyon kung kaya hindi mo kayang tumayo bilang kinatawan para sa ang iyong sarili sa korte, o kung may mga isyu sa pagiging magulang at suporta. Karaniwan, kailangan kang magbayad ng isang abogado na kumatawan sa iyo, o tumindig ka na kinatawan para sa iyong sarili.

Kailangan mong dumulog sa Korte Suprema ng BC at bayaran ang paghahain ng iyong mga dokumento upang isantabi ang isang kasunduan sa paghihiwalay. Kung maliit ang iyong kita o kung tumatanggap ka ng tulong sa kita (income assistance), maaari kang mag-aplay para sa isang kautusan na **hindi ka na pagbayarin ng mga sinisingil** (waive). Tinatawag itong aplikasyon para sa mahihirap (application for indigent status). Ang *website* ng Batas Pampamilya sa BC ng LSS (LSS Family Law in BC) ay may *step-by-step* na gabay kung paano gawin ang isang aplikasyon para hindi ka pagbayarin ng mga singilin sa korte. Tignan ang www.familylaw.lss.bc.ca/guides/waiveFees/index.php.

Narito ang ilang mga payo kung paano mo maaaring pangasiwaan ang iyong kaso at makipagtulungan sa abogado.

- Tandaan na ang mga abogado ay mag-iisip tulad ng mga abogado. Sinanay sila upang mahanap at malutas ang mga ligal na problema, ngunit sila ay hindi mga manggagawa ng lipunan (social workers) o tagapayo (counsellors). Mayroong mga sanay na tagapayo at manggagawang sumuporta sa pamilya (family support workers) na makakapagbigay sa iyo ng emosyonal na suporta at makakatulong sa iyo na alamin ang iyong mga ligal na isyu.

- Gumawa ng isang listahan ng mga mahahalagang pangyayari (timeline). Ito ay makakatulong sa iyong abogado na maunawaan ang iyong sitwasyon. Isulat ang mga petsa ng mga bagay tulad ng kailan ipinanganak ang iyong mga anak, kailan mo at ng iyong asawa binili ang bahay ninyo, kailan kayo tumigil ng inyong pagsasama, atbp. Mahal ang oras ng mga abogado, kaya tumutok sa mga mahahalagang detalye sa inyong mga miting.

- Gumawa ng listahan ng mga tanong para sa iyong abogado. Makakatulong ito para makuha mo ang lahat ng kailangang impormasyon mula sa abogado at maunawaan mo ang iyong mga karapatan at mga responsibilidad. Kung may sinabi ang iyong abogado at hindi mo naiintindihan, humingi ka ng paliwanag. Mahalaga na hindi mo maramdaman na ikaw ay nalilito pagkatapos ng iyong miting sa abogado.

- Isama ang isang kaibigan o taong makakasuporta sa iyo, kung kakayanin mo. Maaaring mahirap tandaan ang lahat ng bagay na sasabihin ng iyong abogado, lalo na kung nakakaramdam ka ng matinding emosyon o humaharap ka sa isang komplikadong sitwasyon. Ang isang kaibigan o tagataguyod ay makapagbibigay ng suporta sa pagkuha ng mga tala at pagpapaalala sa iyo na itanong ang mahalagang mga katanungan. Sumangguni sa iyong abogado bago magsama ng isang tao sa inyong pagkikita.

- Tandaan na ang mga bayarin, paluwalan, at mga gastos ay magkakaibang mga bagay. Ang mga abogado ay kadalasang naninigil ng **bayad** kada oras (fees). Maaaring may mga **karagdagang gastos** (tinatawag na disbursements) para sa mga bagay tulad ng pagpaparami ng kopya (photocopying) at selyo. Tanungin ang iyong abogado kung paano magagawang mababa ang mga gastos hangga't maaari. Kung ikaw ay matalo sa iyong kaso, maaaring ikaw ay kakailanganing magbayad ng **gastos** (costs) ng kabilang partido.

- Sabihin sa iyong abogado kung ikaw ay inabuso. Kung inabuso ka o ang mga anak mo ng iyong asawa sa pamamaraang pisikal, sekswal, emosyonal, o pinansyal, pinagbantaan ka, lihim kang sinubaybayan o pinaramdam na hindi ka ligtas sa anumang paraan, sabihin ito sa iyong abogado. Kailangang pangalagaan ng iyong abogado ang **kompidensyal na relasyon ng abogado at kliyente** (lawyer-client confidentiality), na nangangahulugan na hindi maaaring sabihin ng iyong abogado sa sinuman ang inyong pinagusapan nang wala kang pahintulot. Kung ayaw mong ilabas ng iyong abogado sa korte ang tungkol sa iyong pang-aabuso, maaari mong sabihin ang gayon, ngunit magandang ideya pa rin na sabihin mo sa iyong abogado ang tungkol sa pang-aabuso sa iyo.



- Itago ang mga kopya ng lahat ng iyong impormasyon. Gumawa ng kopya para sa iyong *record* ng lahat ng iyong mga pinansyal na dokumento bago mo ito ibigay sa iyong abogado. Kung wala kang kopya ng iyong kasunduan sa paghihiwalay, hilingin sa abogado na ipadala ito sa iyo. Kung wala kang abogado noong ginawa mo ang kasunduan, maaari kang makakuha ng kopya mula sa talaan ng korte (court registry) kung ito ay naisampa doon.
- Magbasa ka ng tungkol sa batas. Maaari kang makakuha ng mga mahusay na libreng gabay sa *online* at gabay na nakalimbag. Ang karamihan nito ay nasa ibang wika bukod sa Ingles. Tingnan ang mga pahina 14 – 15 para sa impormasyon tungkol sa mga mapagkukunan ito.

Ang *website* ng Batas Pampamilya sa BC ng LSS (LSS Family Law in BC) ay may listahan upang matulungan kang maghanda at makipagtulungan nang maayos sa iyong abogado. Tingnan ang www.familylaw.lss.bc.ca/assets/forms/checklistForWorkingWellWithLawyer.pdf.

## *Mga Mapagkukunan ng Impormasyon: Saan makakakuha ng libreng ligal na tulong*

### Resources: Where to get free legal help

**Legal Services Society Family Law in BC website** (*Website* ng ng Samahan ng Ligal na Serbisyo Batas Pampamilya sa BC)
www.familylaw.lss.bc.ca

Madalas na katanungan tungkol sa batas pampamilya, mga *fact sheets*, mga tulong-sa-sariling gabay, mga publikasyon, mga *form* ng korte, mga depinisyon, at *Live Help*, isang programang *live-chat*, upang kaagad na makakuha ng impormasyong ligal.

**Legal Services Society website** (*Website* ng Samahan ng Ligal na Serbisyo sa BC)
www.legalaid.bc.ca

Impormasyon sa mga serbisyo, kabilang ang mga libreng publikasyon (tulad ng buklet na *Living Together or Living Apart* (*Namumuhay na Magkasama o Namumuhay ng Magkahiwalay*) at ng *Live Safe — End Abuse* (*Mamuhay ng Ligtas — Itigil ang Pang-aabuso*) na mga *fact sheets*, mga ligal na payo mula sa mga abogadong nakatutok sa usaping pampamilya (family duty counsel o family advice lawyers) at representasyon (isang abogado na hahawak ng iyong kaso) kung ikaw ay nararapat sa pang-ligal na tulong (legal aid).

**LSS Family LawLINE**
604-408-2172 (Punong Lungsod ng Vancouver)
1-866-577-2525 (libreng tawag, kahit saan sa BC)



Maiksing payo sa kung anong susunod na hakbang mula sa isang abogado hinggil sa mga isyu ng batas pampamilya na para sa mga tao na may maliit na kita.

**PovNet** — Find an Advocate (Maghanap ng Tagataguyod)
www.povnet.org/find-an-advocate

Isang direktoryo ng mga tagataguyod na batay sa komunidad (community-based advocates) sa buong Canada.

**Clicklaw**
www.clicklaw.bc.ca

Ligal na impormasyon at mga mapagkukunan ng impormasyon mula sa malawak na hanay ng mga organisasyong pang-komunidad at pamahalaan.

**JP Boyd on Family Law** (JP Boyd sa Batas Pampamilya)
wiki.clicklaw.bc.ca/index.php/JP_Boyd_on_Family_Law

*Website* ng impormasyon sa mga batas pampamilya sa BC na nakasulat sa simpleng wika at may impormasyong madaling hanapin sa *website*.

**Toolkit for Immigrant Women Working with a Lawyer** (*Toolkit* para sa Kababaihang Migrante na Nakikipagtulungan sa isang Abogado)
www.bwss.org/wp-content/uploads/2011/01/Toolkit-for-Women-working-with-lawyers_EIWITLS.pdf

Isang gabay para sa migranteng kababaihan na humaharap sa ligal na sistema at isang workbook ng mga *form* at mga worksheet bilang tulong sa pag-oorganisa ng mga dokumento at paghahanda sa mga miting kasama ang mga abogado.

**The BC Family Law Act: A plain language guide for women who have experienced abuse** (Ang Batas Pampamilya ng BC: Isang gabay na isinulat sa simpleng wika para sa kababaihan na nakaranas ng pang-aabuso)
http://faculty.law.ubc.ca/cfls/centre/newsletters/fla_guide.pdf

Isang gabay na binuo ng Sentro para sa Peministang Ligal na Pag-aaral (Centre for Feminist Legal Studies) ng UBC.



# Paano makakakuha ng libreng kopya ng buklet na ito

## How to get free copies of this booklet

Paano makakakuha ng mga libreng kopya ng *Mga Kasunduan sa Paghihiwalay: Ang Iyong Karapatan sa Katarungan*

Umorder sa: www.crownpub.bc.ca
(sa ilalim ng Quick Links, mag-klik sa
BC Public Legal Education & Information)

Basahin sa: www.westcoastleaf.org
(sa ilalim ng Resources, mag-klik sa
Document Download Centre)

www.legalaid.bc.ca/publications

**May mga katanungan tungkol sa pag-order?**
Kontakin ang Samahan ng Ligal na Serbisyo
(Legal Services Society)
Telepono: 604-601-6000
distribution@lss.bc.ca

Ang buklet ay nasa payak at tradisyunal na wikang Tsino, Ingles, Punjabi, Espanyol, at Tagalog.

West Coast LEAF @WestCoast_LEAF
Legal Aid BC @legalaidbc

WEST COAST LEAF

555 – 409 Granville Street
Vancouver, BC V6C 1T2

604-684-8772 or
1-866-737-7716 (walang bayad)

www.westcoastleaf.org
info@westcoastleaf.org

Legal Services Society
British Columbia
www.legalaid.bc.ca

400 – 510 Burrard Street
Vancouver, BC V6C 3A8

604-601-6000

www.legalaid.bc.ca
publications@lss.bc.ca

Status of Women Canada | Condition féminine Canada

Kinikilala ng West Coast LEAF ang pinansyal na suporta ng Kalagayan ng Kababaihan Canada
(Status of Women Canada) sa paggawa ng buklet na ito.